

Mass of the Last Supper 2018

Paghuhugas ng mga paa: pagtanggap, pagsisisi at paglilingkod

Mga minamahal kong kapatid kay Kristo, naitanong na ba ninyo sa inyong sarili: ano ang pinakamahalagang bahagi ng inyong katawan? Masasabi natin na lahat ay mahalaga. Ang lahat ay kailangan. Naitanong mo na ba ninyo sa inyong sarili: anong bahagi ng inyong katawan ang higit ninyong binibigyan ng pansin, ng pagpapahalaga? Hindi lahat. Mayroon ka rin sobrang iniintindi, labis na inaalagaan. Halimbawa iyun ilong mo na ipinapatangos mo, o kaya ang ngipin na nilalagyan mo ng *brace*, o yun kilay na ginuguhitan mo.

At mayroon rin tayong hindi sadyang nabibigyan ng tamang pagtingin. Kaya naman sa Santa Misa ng Huwebes Santo pagnilayan natin ang paa, ang paghuhugas ng paa.

Mga kapatid, ang paa ay mahalaga. Ang atin pagkilos, paggalaw o pagtayo ay dahil sa paa. Ang paa ay higit nahihirapan, nabibigatan. Buhat-buhat nito ang buo natin katawan. Dinadala niya tayo saan man nais natin mapuntahan, o marating.

Isipin lang po natin na sa panahon ni Jesus gamit-gamit Niya ang Kanyang mga paa sa Kanyang paglalakad, pangangaral at pagpasan ng krus. At sa dakong huli ang mga pako ay lumagos sa Kanyang mga kamay at paa doon sa krus.

Binanggit din ni Jesus ang tungkol sa paa sa Kanyang mga pangangaral. Sinabi Niya talikuran natin ang magdudulot sa atin ng pagkakasala sa paghahalintulad "*if your hand or foot drags you into sin, cut it off and throw it away*" (Matthew 18,8). Sa kabila ng mga pagpapakasakit at paglalaan ng panahon ay hindi pa rin sila nagbabago at hindi nagbabalik-loob, ang habilin ni Jesus ay "*leave after shaking the dust off your feet*" (Mark 6,11). Ipinamalas ni Jesus ang pagtanggap sa atin ng Diyos sa atas ng ama tungkol sa parabola ng alibughang anak "*put ring on his finger and sandals on his feet*" (Luke 15,22).

Mahalaga ang paa. At higit pa na pinalalim ni Jesus ang kahalagahan at kahulugan nito sa Kanyang ginawang paghuhugas ng mga paa ng Kanyang mga alagad. Mula rito tatlong bagay ang ipinahahayag ng paghuhugas ng paa. Ano po ito?

Ito ay pagtanggap sa naghugas ng paa, kay Hesus
Ito ay pagsisisi ng mga hinugasan ng paa, ang mga alagad
At ito ngayon ay paglilingkod natin na maghugas ng paa

Una. Nais ni Jesus na linisin ka. Ibig ni Jesus na baguhin, ayusin ka. Mangyari pa hayaan natin na makalapit si Jesus sa atin. Tanggapin natin Siya. Magpahugas tayo sa Kanya mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng ating pagsisisi at pangungumpisal.

Huwag na tayong makipagtalo pa sa Diyos. Hindi na kailangan pang makipagmatigasan sa Diyos. At huwag mong idahilan na *busy* ka. Huwag mong sabihin wala kang ginagawang masama. Ano man ang iyong kalagayan o katayuan sa buhay, lumapit ka pa rin sa Diyos. Magsimba ka pa rin. Magdasal ka pa rin sa Kanya. Makinig ka pa rin kay Jesus.

Si Jesus ay palaging lumalakad patungo sa atin. Palaging kumakatok sa ating mga puso. Si Jesus ay atin papasukin at tanggapin sa atin buhay. At tularan natin ang kapatid ni Marta na si Maria "*who sat down at the lord's feet to listen to his word*" (Luke 10, 38).

Ikalawa. Sa pamamagitan ng ating mga paa mayroon tayong nasaktan, natapakan o tinatapak-tapakan. O marahil dinala rin tayo ng ating mga paa sa mga bagay o lugar na nagparumi rin sa ating mga kaluluwa. O kaya naman mayroon tayong nilampasan o iniwasan dapat natin tulungan o itama.

Ang lahat ng mga ito ay ating pagkakasala. Ito ay dapat natin pagsisihan. At tayo ay nararapat lamang humingi ng kapatawaran mula sa ating Panginoong Diyos. Ang pagsisisi ay tunay at tapat na ipinamalas ng babae kay Jesus sa Ebanghelyo ni San Lukas, "*and stood behind him at his feet, weeping. She wet his feet with tears, dried them with her hair and kissed his feet and poured the perfume on them*" (7,38).

Kahit na ang ating mga kasalanan ay madalas at marami. Patatawarin pa rin tayo ng Panginoong Diyos ng madalas at maraming beses. Kahit na ang ating mga kasalanan ay mabigat at paulit-ulit. Ang Kanyang pagpapatawad ay paulit-ulit rin. Huhugasan tayo ng Panginoong Diyos mula sa ating mabigat na pagkakasala. Magsisi lamang tayo. At magiging malinis na tayo para sa Kanya.

Panghuli. Mayroon mga naligaw ng landas sa kanilang paglalakad at nalihis ng daan patungo sa Diyos. Sila ay dapat gabayan at ibalik na muli sa tamang landas ng kabanalan. Mayroon na napapagod na rin sa paglalakad dito sa lupa, o nag-aalinlangan at nawawalan ng pag-asa. Sila ay dapat lang na alalayan at tulungan. At tayo naman ngayon ang gagawa sa kanila tulad ng ginawa ni Jesus noon, ang paghuhugas ng paa.

Sa panahon ni Jesus ayon sa Ebanghelyo ni San Mateo "*great crowds came to him, bringing the dumb, the blind, the lame, the crippled, and many with other infirmities. The people carried them to the feet of Jesus, and he healed them*" (Matthew 15,30).

Mga kapatid, sa mga kapos ng mga panyapak at pagod na sa kalalakad, sa mga nalihis ng landas o nadapa, sa mga nadamay o napahamak at nadumihan dahil sa maling paratang, tayo na ang magbigay, umakay at maghugas sa kanila. At ang paghuhugas ng paa ay pagtanggap, pagsisisi at ating paglilingkod.

At ngayon sa paglalakbay natin dito sa lupa patungo sa paglalakad sa Langit, hilingin din natin "*guide our feet into the way of peace*" (Luke 1,79). Dalhin din ang ating mga paa sa mga tao na nararapat natin tanggapin at paglingkuran. Ihatid ang ating mga paa na magsisisi sa Panginoong Diyos upang tayo ay Kanyang mahugasan, linisin at baguhin.

+Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP permanent council member